

DepEd ADVISORY No. **134**, s. 2013
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
February 27, 2013

IKALAWANG PAMBANSANG SEMINAR SA LARANGAN NG WIKA AT PAMPELIKULA

Ang Pampelikulang Samahan ng mga Dalubguro (PASADO) ay magdaraos ng *Ikalawang Pambansang Seminar sa Larangan ng Wika at Pampelikula* na may temang *Ang Wikang Filipino, Pelikula at Midya sa Larangang Akademiko: Isang Gampanin ng Guro at Midya Kurikulum sa "K to 12", Estratehiya at Metodolohiya* sa darating na Abril 26-27, 2013 sa *The National Teachers College (NTC)*, Lungsod ng Maynila.

Layunin ng Seminar na ito na:

1. mapataas ang kamalayan ng mga gurong nagtuturo ng wika at panitikang Filipino sa paglinang ng kamalayang Pilipino sa mga lokal na pelikula;
2. mabigyan ng malawak na kabatiran ang mga delegado sa mga napapanahong isyu sa kurikulum ng "K to 12"; at
3. mailahad ang mga kaukulang teorya-metodo at teknik sa paggamit ng pelikula bilang mabisang alternatibo sa pagtuturo ng panitikan at wika.

Ang lahat ng mga tagapangasiwa ng paaralan at mga guro sa elementarya, sekundarya at tersyarya sa pampubliko at pampribado ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Ang mga karagdagang impormasyon ay maaaring makuha sa mga sumusunod:

- Dr. Emmanuel Gonzales
Far Eastern University (FEU) – Manila
Tagapangulo ng Lupong Tagapag-ingat, PASADO
Pampelikulang Seminar sa Larangan ng Wika at Pampelikula
Mobile Phone Blg.: 0917-353-0594
- Prop. Clara G. San Pedro
La Consolacion College - Caloocan
Pangulo ng Pamunuan, PASADO
Mobile Phone Blg.: 0919-283-7125
- Prop. Maria Elma B. Cordero
The National Teachers College (NTC) – Manila
Tagasuri ng Pamunuan, PASADO at Direktor ng Seminar 2013
Mobile Phone Blg.: 0927-822-8606